# Si Daniel at Ako, OFW

*(Basahin sa Biblia ang Daniel Chapters 1-6 & 11-12)*

Ang buhay ko bilang OFW ay maihahambing ko sa buhay ni Daniel sa Biblia.

Una, hindi niya tinalikuran ang Diyos nang lisanin niya ang kanyang lupang sinilangan. Tulad sa Babilonia, sa ibang bansa, at maging sa Pilipinas ay maraming diyus-diyusan. Ang pinakamalakas na diyus-diyusan ay ang pera. Lalo na kapag kumikita ng malaki, halos ay pera na ang dinidiyos! Sa kabila ng malaking tiwala ng Hari kay Daniel (at malamang na dahil dito'y higit na malaki ang pabor kay Daniel kaysa sa iba niyang kasamahan), nanatili pa rin siyang tapat sa Diyos.

Pangalawa, hindi tinalikuran ni Daniel ang kanyang mga prinsipyo sa buhay at matibay na pananalig sa Diyos habang siya'y nasa ibang bansa. Karaniwang panunuksong naririnig ko noon mula sa ating mga kababayan ay ito: *"May kapartner ka na ba rito?"* Si Daniel ay may matibay na paninindigan. Pinag-aaralan ko ring manindigan sa isang matibay na prinsipyo katulad ni Daniel.

Pangatlo, hindi tinalikuran ni Daniel ang kanyang mga mabubuting kaibigan. Nang si Daniel ay pinagkatiwalaan ng Hari ng isang mataas na posisyon sa Babilonia, hiniling niyang makasama sa pangangasiwa ang tatlo niyang kaibigan. At hindi naman ito ipinagkait ng Hari. May mga kabarkadang mabibisyo at mahilig pumorma, pero may mga kaibigan din namang magdadala sa kabutihan at kaayusan, katulad ng mga kaibigan ni Daniel. Naalala at isinama ni Daniel ang mga kaibigan na alam niyang may mabubuting pagkatao.

Panghuli, dala-dala ni Daniel ang kanyang mabuting-asal. Kahit pinagmalupitan siya ay nanatili ang kanyang paggalang sa Hari at mabuting-asal. Mahalaga na bilang nagtatrabaho sa ibang bansa ay magpasakop tayo sa mga batas na pinaiiral ng kompanya at ng bansang ating kinaroroonan. Sa biyaya ng Diyos ay natututunan ko ang maging masunurin at ang pagmamahal sa aking trabaho. Ibinubuhos ko ang lahat ng akin makakaya dito upang maparangalan ang aking Diyos.



Panginoong Jesus, mahirap pong manalo sa kasalanan kung hindi kayo kasama. Sa maraming pagkakataon, ako po'y mahina, at anumang pagpapakabuti ko ay palaging may kasamang matinding panunuya galing sa kaaway. Kaya't umaasa lamang po ako sa Inyong biyaya, at sa gabay ng Inyong salita. Huwag Nyo po akong ipahintulot sa tukso, Panginoon, at iadya po ako sa lahat ng masama. Sa pangalan ni Jesus, Amen.

**Daniel 6:19-28**

19 At the first light of dawn, the king got up
and hurried to the lions' den. 20 When he
came near the den, he called to Daniel in an
anguished voice, "Daniel, servant of the
living God, has your God, whom you serve
continually, been able to rescue you from the
lions?" 21 Daniel answered, "O king, live
forever! 22 My God sent his angel, and he
shut the mouths of the lions. They have not
hurt me, because I was found innocent in his
sight. Nor have I ever done any wrong before
you, O king." 23 The king was overjoyed and
gave orders to lift Daniel out of the den. And
when Daniel was lifted from the den, no
wound was found on him, because he had
trusted in his God. 24 At the king's command,
the men who had falsely accused Daniel were
brought in and thrown into the lions' den,
along with their wives and children. And
before they reached the floor of the den, the
lions overpowered them and crushed all their
bones. 25 Then King Darius wrote to all the
peoples, nations and men of every language
throughout the land: "May you prosper
greatly!" 26 "I issue a decree that in every
part of my kingdom people must fear and
reverence the God of Daniel. "For he is the
living God and he endures forever; his
kingdom will not be destroyed, his dominion
will never end. 27 He rescues and he saves;
he performs signs and wonders in the
heavens and on the earth. He has rescued
Daniel from the power of the lions." 28 So
Daniel prospered during the reign of Darius
and the reign of Cyrus [a] the Persian.

***Kaibigan, upang lalo kang tumibay sa pananalig sa Diyos, dumalo ka sa aming pagtitipon at panalanginan tuwing:***

*Website: churchofgoduae.com*

# The Lord Is My Shepherd

## OFW - Issue 1



***"Although our sins testify against us, O LORD, do something for the sake of your name. For our backsliding is great; we have sinned against you."***

***(Jeremiah 14:7)***